

Pagsasalin at Gender: Ang Pagsasafilipino ng Kuwento ni Paramata Gandingan Mula sa Wikang Meranaw

ALIA RAMBER
CHEM R. PANTORILLA

Abstrak

Tiningnan sa papel na mahalagang sangkap ang pagsasalin sa usaping gender lalo na kung ang materyales na isinalin ay produktong kultural ng isang etnikong pangkat. Pangunahing konsiderasyon nitong papel na talakayin ang ugnayan ng pagsasalin at gender mula sa ginawang pagsasalin ng kwento ni *Paramata Gandingan*, na bahagi ng epikong Darangen. Ginamit na balangkas ng pag-aaral ang lapit kultural (cultural turn) para mapatingkad ang kinis at alindog ng pagkapanitikan ng kuwento. Ipinakita ang pananaw-gender ng mga Meranaw sa pamamagitan ng pagtuon/pagpansin sa ilang panlipunang institusyon na direktang kakikitaan ng distingksyon ng babae at ng lalaking Meranaw. Batay sa isinagawang pagsasalin at pagsusuri sa kwento ni *Paramata Gandingan*, malaking papel ang ginagampanan sa pagpapanatili ng mga termino mula sa orihinal na wika. Makikita ang distingksyon sa pagitan ng babae at lalaki batay sa kung papaano sila tratuhin sa kanilang pamilya at sa lipunang kinabibilangan. Napatunayan sa pag-aaral na higit na napalulutang ang konsepto ng kasarian ng kulturang Meranaw sa halaga ng pagsasalin gamit ang lapit kultural at araling pagsasalin. Gayundin, sa proseso ng pagsasalin nagamit ang panunuring pampanitikan sa gawaing pagsasalin lalo na sa lapit gender na pagbasa.

Mga Susing Salita: Pagsasalang kultural, Talab ng panunuring pampanitikan, Paramata Gandingan, Meranaw gender

Alia D. Ramber is An Associate Lecturer in the Department of Filipino and Other Languages, CASS, MSU-Iligan Institute of Technology. Chem R. Pantorilla is an Associate Professor teaching Filipino language and literature at the Department of Filipino and Other Languages of CASS, MSU-Iligan Institute of Technology.

Introduksyon

Ang pagsasalin sa pinakasimpleng pagpapakahulugan ay proseso ng paglilipat ng teksto tungo sa isa pang teksto gamit ang bagong wika – ayon sa layunin o ninanais ng may-akda. Paglilipat ito ng mga nakasulat na impormasyon, ideya, at kaisipan mula sa pinagmulang wika tungo sa target na wika (Simon 7) na isinasagawa paraang masining (Santiago 34) at maagham (Larson 1).

Tinitingnan ang pagsasalin na isang payak lamang na paglilipat ng isang akda sa bagong wika ngunit ang totoo, masalimuot at mahirap ito na gawain. Mahirap ang pagsasalin sapagkat nakatali ito sa orihinal (Nuncio, et al. 61), kailangan ng konsiderasyon sa pananatiling buo ng kaisipan, konteksto, at kahulugan ng orihinal na wika tungo sa target na wika (Venuti 4), at paglalapat ng angkop na kahulugan mula sa pinagmulang wika (Larson 5). Nakatuon samakatuwid ang nakasanayang dalumat sa araling pagsasalin sa halaga ng paglilipat ng teksto ayon sa kahulugan.

Higit na komplikado ang proseso ng pagsasaling kultural dahil sa konsiderasyon ng pagkakatuwang ng wika at kultura. Pedyuliyar ang wika dahil sa pagsasalamin nito sa kultura ng nagsasalita nito. Sa ganang ito, maituturing na nagpapabagal ito sa proseso ng pagsasalin sa target na wika dahil sa kawalan ng angkop/katumbas na salita sa original na wika ng pagsasalin. Maituturing na halimbawa nito ang idyomang pahayag, kultural na termino at maging ang kaisipan/pananaw mundo na makikita sa orihinal na wika. Kalakip ng suliraning ito, nakikita sa pag-aaral na mabisang gawain sa pagsasalin ang pagtatanghal ng pagkakakilanlan ng mga tribo o pangkat etniko. Ang pagsasalin sa pananaw na ito ay isang instrumento upang maipakilala ang kultura ng pangkat etniko gamit ang wikang ginagamit sa pagsasalin. Ito ang sinasabi ni Mayoral, et al (356) na gampanin ng tagapagsalin bilang isang reseptor ng mensahe sa pinagmulang kultura at maging sa pinagmulang mensahe sa target na kultura gaya ito sa paniniwala ni Flotow (14) na higit na naipapaliwanag sa paraang pagsasaling kultural.

Nagkakaroon ng isyu kung papaano binibigyang kahulugan ang gender bilang isang konsepto (Butler 6) sapagkat nakabatay ito sa mga tao sa isang partikular na panahon at lugar (Simon 7). Ang gender bilang isang konsepto ay hindi lamang nakatuon sa produksyon ng kilos ng isang tao kundi ito rin ay nakasalalay sa pisikal at mental na distinksyon sa pagitan ng mga lalaki at ng mga babae (Eviota 4). Mahalaga itong maipakita sa pagsasalin upang makilala ng mga

gumagamit ng target na wika ang kultura sa pinagmulang wika. Kaya, ang pagkakaroon ng distingksyon sa usapin ng gender ang pangunahing dahilan kung bakit naging paksa ito ng ilang iskolar mula noon at hanggang sa kasalukuyan (Flotow 14).

Ang isyu ng gender sa gawaing pagsasalin ay lalo pang pinayabong ng lapit-kultural (cultural turn). Ayon kay Simon (7), ang **cultural turn** ay isang proseso ng pagsasalin na ginagamit ang kultural na pagdulog sa halip na linggwistik na aspeto ng teksto. Ibig sabihin, pinahahalagahan sa pagsasalin ang kultural na faktor sa halip na pagsaalang-alang lamang sa mga linggwistik na faktor. Sa tradisyunal na pagsasalin, laging tanong ng mga kritiko o ng tagasalin mismo ang katumpakan ng isinagawang pagsasalin sa teksto subalit nakakalimutan ang pagsaalang-alang sa kultural na konteksto. Higit na nabibigyan ng pansin ang pagtalunton sa kahulugan ng mga salita at hindi ang dala-dala nitong kultural na kabuluhan kaya kailangan ng panibagong tuon sa pagsasalin.

Kung isasakonteksto ang mga ideyang inilatag sa unahan, mapanghamon ang pagsasalin ng teksto ng mga Mëranaw sa wikang Filipino. Komplikado ang kanilang kultura dahil sa magkahalong pre-Islamiko at Islamikong tradisyon. Paano kaya mapalulutang at maitatanghal ang konsepto ng gender sa proseso ng pagsasalin? Ito ang binibigyan nang tuon sa pagsasalin ng kwento ni *Paramata Gandingan*, isang episode ng epikong Darangan, sa wikang Filipino.

Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Pagsasalin

Nakasandig ang pag-aaral sa nosyong napapalutang sa pamamagitan ng pagsasanib ng pagsasalin at panunuring pampanitikan sa saling teksto ang konsepto ng gender ng Mëranaw. Ginamit na materyal ang kwento ni Paramata Gandingan na bahagi ng *Darangen* ng mga Mëranaw. Pamana ito sa pamilya ng mananaliksik mula pa sa magulang ng kanyang Lola. Ang teksto ng kuwento ni *Paramata Gandingan* ay nakasulat sa *kirim* na sinaunang paraan ng pagsulat ng mga Mëranaw. Inilahad ito sa anyong tuluyan o prosa gamit ang *basah a Mëranaw*. Ang paraang kirim ay paraan ng pagsulat ng mga Mëranaw gamit ang alfabetong Arabik samantala ang *basah a Mëranaw* ay matatandang wikang Mëranaw na hindi na ginagamit sa kasakuluyang pakikipagtalastasan. Samakatuwid, matatandang Mëranaw lamang ang nakauunawa ng *basah a Mëranaw*. Sa pag-aaral na ito, nagkaroon ng *relay* na pagsasalin sapagkat ang kuwento ni *Paramata Gandingan* na nakuha ay nakasulat sa *Kirim*. Ipinasalin ito

ng isang matandang kamag-anak ng mananaliksik at ang kanyang ginamit ay *basah a Mëranaw*. Ang salin mula sa *basah a Mëranaw* ang ginamit na materyales ng mananaliksik sa pagsasalin ng teksto sapagkat hindi marunong siya ng *kirim*. Bagaman puro at lehitimong Mëranaw din ang mananaliksik ay hindi sapat ang kanyang kakayahan upang maintindihan nang buong-buo ang saling *basah a Mëranaw* kaya humingi ng tulong sa kamag-anak para sa balidasyon sa salin sa wikang Filipino upang matiyak ang katumpakan ng pagkasalin.

Gamit ang deskriptibong-analitikal na lapit, sinuri ang proseso sa ginawang pagsasalin sa kwento ni Paramata Gandingan sa wikang Filipino. Binigyan nang tuon sa analisis ang halaga ng gender sa ginawang pagsasalin. Kaya, ginamit din na paraan sa pagbasa ang panunuring pampanitikan na nakatuon sa lapit gender/kasarian.

Tekstuwal at Kontekstuwal na Pagsasalin ng Kwento ni *Paramata Gandingan*: Ang Imahe ng Kasarian sa Lipunang Mëranaw

Ang konsepto ng gender ay tumutukoy sa pagkakaran ng pisikal at mental na distingksyon sa pagitan ng babae at ng lalaki (Eviota 4). Sa diskurso ng gender ng Mëranaw, hindi makikita ang halaga ng gender sa distingksyon ng babae at ng lalaking Mëranaw sapagkat kinakailangang mailagay ito sa karanasan, kaisipan, at lipunan nila para sa kontekstwalisasyon ng pagsasalin. Sa isinagawang pagsasalin, sinikap ng mananaliksik na maisalin ito nang walang pagbabago sa pinakakonteksto ng kaisipang Mëranaw dahil ito ang magbibigay halaga sa paglikha ng imahe ng babae at ng lalaking Mëranaw.

Sa pagsusuri sa ginawang pagsasalin, pinapanaliti ang mga salitang bumubuo sa imahe ng kasarian sa kulturang Mëranaw gaya ng *datu*, *ayonan*, *bae* at *lamin*. Batay sa naratibo ng kwento ni Paramata Gandingan, ang pinunong *ayonan* kasama ng mga *datu* ay 86ab aw86 nasa *torogan* sapagkat sila ang naatasan sa paggawa ng pagpapasaya. Tunghayan ang ginawang pagsasalin sa siniping bahagi ng kwento ni Paramata Gandingan na nagpapakita ng imahe ng kasarian sa kulturang Mëranaw.

Orihinal

*Aya miyatabo a matitimo siran sa **torogan** ka diran dii bitiyarae so **ayonan** ka langon siran dii mamagopakat sa mapiya a dii golaolaan sa kapkala a inged oto. Na miyaelayran si Bantogan. Omaniisa ko mga **datu** ago so **ayonan** na ba iran den makakawa.*

Salin

Sa pagkakataon ito ay kasakuluyang nagaganap ang pagtitipon-tipon ng *matatapang na **datu*** kasama ng *makikisig* na **ayonan** sa **torogan**. Sila ay nag-uusap-usap hinggil sa mga mabubuting hakbang para sa ikauunlad ng kanilang bayan. Nang 87 ab aw nilang dumating si Paramata Bantogan ay pinatuloy ito ng mga *datu* at ng *ayonan* nang may pananabik.

Kaugnay nito, sinikap ng mananaliksik na mailipat ang pinakadiwa ng pangungusap na nagpapakita ng imahe ng isang *datu* sa kulturang Mëranaw. Pansinin din na may tatlong salita ng wikang Mëranaw ang piniling panatilihin sapagkat 87ab aw ang kaugnayan nito sa nililikhang imahe ng kasariang Mëranaw, ang *ayonan*, *datu* at *torogan*. Ang *ayonan* na siyang pinakapinuno ng lipunang Mëranaw ay 87ab aw 87 namamalagi sa *torogan* kasama ng mga *datu* at doon nagaganap ang karamihan sa napagpapasyahang tuntunin o mga 87ab aw. Ang mga salitang ito ay ginagamit lamang sa mga lalaki, maliban sa salitang *torogan* na tumutukoy sa tahanan ng kilalang Mëranaw. Ipinahiwatig na sa lipunang Mëranaw, mga lalaki pa rin ang nagpapasya at gumagawa ng hakbang sa gawaing panlipunan. Ang naratibo na ginagampanan ng *torogan* 87ab a ay pagpapakita ng estado ng lalaki sa loob ng tahanan/lipunan kaya ang lipunang Mëranaw ay masasabing patriarkal. Batay sa naratibo ni *Paramata Gandingan*, ang bayan ng Ilian a Bambaran (kinabibilangan ni Paramata Bantogan) ay pinamumunuan ni Ayonan Pasandalan a Morog, samantalang si Ayonan Lomiyagënggën Barat sa Bongabong a Komara (kabilang si Paramata Gandingan). Pansinin na mga lalaki ang mga pinunuo ng dalawang angkan na nagpapatunay na patriarkal nga ang lipunang Mëranaw. Sa ginawang pagsalin, idinagdag ang salitang *matatapang* at *makikisig* upang maipalutang ang imahe ng lalaking Mëranaw humahawak ng katungkulan sa tribu. Mahalaga ang deskripsyong ito para mauunawaan ng mambabasa ang anyo at uri ng mamumuno sa

tribu. Gayundin, maipakilala ang pangkat Meranaw sa paraan ng kanilang pamumuno sa tribu.

Sa lipunang Mëranaw, ang mga *datu* ang kasamang nagpapasya ng *ayonan* sa pagbuo ng ilang patakaran at pagpapatupad nito kaya sa ginawang pagsasalin nagdaragdag ng deskripsyon sa kanila na *matatapang*. Ang katawagang *datu* ay panawag sa kagitingan ng mga lalaki. Pinatutunayan nito na ang pagtawag ng *datu* sa lalaki ay hindi lamang isang ordinaryong lalaki kundi nagpapahiwatig ng pagiging magiting ng lalaking Mëranaw. Maliban pa rito, ang katawagan ito ay ginagamit din bilang paggalang sa mga lalaking Mëranaw kaya naman mahalaga itong mapanatili sa pagsasalin ng teksto.

Sa kabilang banda, ang salitang *lamin* naman ay iniugnay sa mga babaë. Ito ay bahagi ng bahay na itinatago ang isang babaeng Mëranaw, ang pagiging taong-bahay ng mga babaeng Mëranaw. Araw-araw ginugugol ng mga babaeng Mëranaw ang kanilang buhay sa *lamin*. Ang *88ab aw88 ng* nagsisilbing silid-taguan ng mga babaeng Mëranaw bilang tanda ng pagpapahalaga sa kanila. Ang *lamin* ay hindi lamang simpleng bahagi ng bahay ng isang kilalang pamilyang Mëranaw kundi simbolo rin ito ng pagiging dugong bughaw ng isang pamilya. Madalas makikita at matatagpuan ang *lamin* sa pinakatuktuk na bahagi ng *torogan*. Sa pagsasalin ng kwento ni Paramata Gandingan, parehong pinanatili ang dalawang naturang termino sapagkat lumilikha ito ng imahe ng pagiging taong bahay ng babaeng Mëranaw at ang *lamin* bilang simbolo ng pagpapahalaga ng babaeng Mëranaw at nakatutulong ito sa pagbuo ng imaheng kasarian ng kulturang Mëranaw. Tunghayan ang siniping bahagi mula sa kwento ni Paramata Gandingan na pinanatili ang salitang *bae* at *lamin* dahil

Orihinal

“Ka mapiya e saginsing a lagam na tabya ako rëkano a dowakataw a bae a mga tataid ago so mga bae sa lamin kagiya pimala-mala ako niyo ka di kapakay a salamën so sogosogoon ka pakayayya kagiya sakën na këmbo ako saya makawma sa Ilian a Bambaran na aya

Salin

“Mga naggagandahan at ginagalangna *bae* na naririto sa *lamin*, lalo na sa dalawang *mabubuti* at *mararangal* na Lawanën at Ikada, ako ay lubos na nagpapasalamat sa inyong mainit na pagtanggap sa akin, ito’y sa kabila na maaari akong isang hamak na utusan lamang. Gayunpaman, sa pagdating ko

dën pëkaona so kaya akën ka dita kapipiyaan sombag ko mga bae kay di ko katawan so lalag sa Ilian a Bambaran ka sii ako minisayan ko mamot a kiyadaan 89ab aw.

rito sa Ilian a Bambaran ay may halong pag-aalinlangan kung paano ako magsasalita gayung hindi ko mawari kung ano ang aking sasabihin.

Ang salitang *datu* ay tawag sa mga lalaking Mëranaw bilang tanda ng paggalang sa kanila at kanilang posisyon sa kanilang lipunan, ang *bae* naman ay para sa mga babaeng Mëranaw bilang tanda rin ng paggalang sa mga babae. Ang *bae* rin ay gamit na salita lamang bilang asawa ng isang datu. Gumagawa ng pagdaragdag ng salita gaya ng *ginagalang* at *mararangal* sa isinagawang salin upang mabigyan nang empasis ang larawan sa pagkakaroon ng tiyak at pantay na posisyon ng babae at lalaki sa kanilang lipunan. Malinaw na ang pagkakaroon ng ganitong katawagan ay nagpapakita ng parehong paggalang sa babae at lalaking Mëranaw na may malaking kaugnayan sa posisyon sa lipunan. Kaya sa proseso ng pagsasalin, pinanatili ng mananaliksik ang mga salitang nabanggit at nagdaragdag ng deskripsyon sa mga salitang ito upang maiparating ang papel ng ‘pagiging babaeng’ Mëranaw sa diskurso tungkol sa gender. Maliban pa rito, hindi lamang ito tumutukoy bilang pagpapakita ng paggalang kundi ng tungkulin bilang kasapi ng angkan, pamilya, at ka-tribo.

Sa kabilang banda, likas din sa pagiging matalinghaga ang mga Mëranaw. May mga pagkakataong makikita ito sa paraan ng pagsasalita o minsan naman ay sa pagbibigay bansag sa isang tao. Lumilikha ito ng imahe na lalong nagpapatunay na ang babaeng Mëranaw ay higit na binibigyang halaga. Sa siniping halimbawa na nasa ibaba, may katagang binitiwang ang isang tauhan na nagpapakita ng imahe ng babae. Sa pagkakasalin nito sa Filipino, sinikap na mailipat ito nang hindi nagbabago ang diwa para maipakita ang katayuan ng babaeng Mëranaw sa kanyang lipunan. Ang katagang *indolna a ranon* ay isang katawagang nagpapahiwatig ng lambing, galak o pagkatuwa sa kausap o maaari rin namang sinasambit dahil iginagalang ang kausap. Tinumbasan ito sa wikang Filipino ng “mahal na binibini” bilang pagpapakita na maganda ang pagtrato sa kausap. Tunghayan ang pagkasalin sa katagang ito:

Orihinal

“indolna a ranon na idadait akën rëka a kënaba matag a taw ka mapiya a taw ko poonan iyan. Kagiya miyakaoma ka sa Bambaran na piyalad ami rëka a Ilian a Bambaran ago so mga tamok a posaka on.”

Salin

“Mahal na binibini, nararamdaman kong hindi kayo pangkaraniwang tao. Isang kayong mabuting tao sa inyong lugar. Ngayon naririto na kayo sa Ilian a Bambaran ay nais kong malaman mong buong-puso ka naming tinatanggap rito.”

Isa pang patunay na pantay ang babae at lalaki sa lipunang Mëranaw ay ang parehong pagtawag ng *paramata* sa babae at lalaki. Ang katawagang *paramata* ay maitutulad sa katawagang prinsesa at prinsipe ng dugong-bughaw ng kanluranin. Sa ginawang pagsasalin mula wikang Mëranaw tungo sa wikang Filipino, pinanatili ito ng mananaliksik ngunit gumawa ng pagdaragdag na maglalarawan sa kanila bilang babae at lalaki gaya sa pariralang *magandang si Paramata Gandingan at makisig at matapang na si Paramata Bantogan*. Tungahayan ito sa ibaba:

(Orihinal)

Na so isa ko istid na ronon pëkasonga si Paramata Gandingan a Pinarasi Damdag a Oray Salompayongan a Dawa-dawa a Olan a Pësaribolan Mayag sa Bogabong a Komara a mataid a taw.

(Salin)

Ang isa naman ay para sa *magandang si **Paramata Gandingan***, ang *Pinarasi Damdag, Oray Salompayongan, Dawa-dawa a Olan, Pësaribolan Mayag* ng Bogabong a Komara na may angkin kagandahan na hindi pangkaraniwan.

Samantala, ipinakikita naman sa ibabang halimbawa ang paglalarawan kay Paramata Bantogan na nagpapahiwatig ng imahe ng lalaking Mëranaw.

(Orihinal)

“*Sékano bës si Parama Bantogan, a Saloloy Pëndidawn a Ilian a Bambaran.*”

(Salin)

“Kayo **ho** pala ang *makisig at matapang* na si **Paramata Bantogan**, ang **Batara Lalaminën**, ang *Saloloy Pëndidawn* ng Ilian a Bambaran.

Batay sa kwento ni *Paramata Gandingan*, parehong tinawag na *paramata* sina Gandingan at Bantogan dahil sa pagiging dugong maharlika. Ang pagtawag sa kanila ng *paramata* ay pagdidiin sa pantay na karapatan sa usapin ng pagpapahalaga bilang bahagi ng pamilyang Mëranaw. Manipestasyon ito na kinikilala ang kababaihan at kalalakihang Mëranaw bilang isang mahalagang kasapi o miyembro. Ipinapakita nito ang parehong pagpapahalaga sa babae at ng lalaki na tulad ng pamilyang kinabibilangan nina Paramata Gandingan at Paramata Bantogan. Kaugnay nito, sa kulturang Mëranaw, maliban sa pagtawag ng *paramata* sa anak na babae at lalaki, ang pagbibigay ng higit sa isang pangalan sa mga anak ay tanda ng pagmamahal at pagpapahalaga at higit sa lahat ay pagtatangi sapagkat tumutukoy din ito sa kanyang katungkulan bilang isang anak. May ibig ipakahulugan ang mga pangalang ibinibigay sa mga anak kaya sa kaso nina Gandingan at Bantogan; na may higit sa dalawa ang mga pangalan, nagpapahiwatig din ito ng kanilang karangalan. Kadalasan, ang kanilang pangalan ang nagsisilbi ring ranggo at titulo. Ang mga pangalan na ibinigay kina Paramata Gandingan at Bantogan ay hindi maaaring angkinin o gayahin ng ibang tao sapagkat natatangi ang mga pangalan na sa kanila lamang ibinibigay. Hindi ito tulad ng isang palayaw na maaaring may kapareho.

Mapapansin batay sa siniping bahagi na si Paramata Bantogan ay kilala rin sa tawag na *Batara Lalaminën* na nangangahulugang *datu sa lamin*. Gayunpaman, hindi ito literal na maging ang lalaking Mëranaw ay itinatago rin sa lamin na tulad ng babeng Mëranaw. Ang ibig nitong sabihin ay ang paraan ng pagpapalaki kay Bantogan, na minamahal at itinatangi rin ng kanyang mga magulang. Sa kaso ni Bantogan, may mga pagkakataon na binibisita niya ang kanyang kapatid sa *lamin* subalit hindi nangangahulugang maging siya ay itinatago rin sa *lamin*.

Sa paglalarawan kina Gandingan at Bantogan bilang tekstong lumulikha ng imahe ng kasariang Mëranaw, ang proseso sa pagsasalin

ay tumutugon naman sa konteksto ng kultura ng nagmamay-ari ng teksto – sa kaso ng pag-aaral ang kultura ng Mëranaw. May parehong pagpapahalaga sa babae at lalaki ang kulturang Mëranaw. Parehong iginagalang ang mga katangiang taglay ng bawat panig kaya nagkakaroon ng matiwasay na pagsasamahan.

Ang Talab ng Pagbasang Kultural sa Paramata Gandingan: Ang Halaga ng Pagsasalin ng “Babae” mula wikang Meranaw tungo sa Wikang Filipino

Itinuturing na hiyas ang mga babae sa lipunang Mëranaw. Ang kahihyan ng babae ay kahihyan ng buong-angkan. Ang tagumpay ng babae ay tagumpay ng buong-angkan (Mapandi w.p). Subalit, ganito rin ba ang larawan ng babaeng Mëranaw sa kwento ni Paramata Gandingan? Sa ginawang pagsasalin, sinikap ng mananaliksik na mapanatili ang kaisipang Mëranaw sa paglalarawan kay Gandingan upang maihulog ang “babae” sa lipunang Mëranaw sa target na wika – ang wikang Filipino. Batay sa kanyang kwento, makikita rito na ang babaeng Mëranaw ay tunay na itinatangi at may mataas na pagpapahalaga. Makikita ito sa iba’t ibang aspeto ng kanyang pagkatao at ng pagiging babaeng Mëranaw.

Si Paramata Gandingan ay larawan ng babaeng may malaking pagpapahalaga sa pamilyang kinabibilangan. Sa kulturang Mëranaw, ang pagbibigay ng higit sa isang pangalan ay nangangahulugang karangalan. Masisipat ito sa paraan ng pagbibigay pangalan sa kanya na nagpapahiwatig ng kanyang pagkatao bilang isang babaeng pinahahalagahan.

Maliban sa paglalagay ng *paramata* bilang pagkilala ng kanyang pagiging dugong-maharlika ay kilala rin si Gandingan bilang, ang *Pinarasi Damdag*, ang *Oray Salompayongan*, ang *Dawa-dawa a Olan*, ang *Pësaribolan Mayag* ng Bongabong a Komara kung saan siya lamang ang nagmamay-ari ng mga pangalang ito sapagkat nagpapahiwatig ito ng kanyang ranggo sa lipunan. Ang ganitong kaisipan ay bahagi ng kulturang Mëranaw bilang pagpapakita ng halaga at papel ng bawat Mëranaw sa kanyang pamilyang kinabibilangan. Tingnan ang siniping bahagi na isinalin sa wikang Filipino na halos walang pinagkaiba sa orihinal sapagkat pinanatili ang mga katawagang nagpapakita ng imaheng babaeng Mëranaw

Orihinal

*Na so isa ko istid na ronon
pëkasonga si Paramata*

Salin

Ang isang entablado ay para
naman kay *Paramata*

*niyo matoon na magëgët ako
dën ka anda ko dën katoon so
pagari akën.”*

Yaman ng pamilyang Mëranaw ang bawat babaeng kasapi. Makikita sa paraan ng pagpapahalaga ng mga kapatid ni Paramata Gandingan kung paano nila ito iniingatan at pinahahalagahan. Ang halaga ni Paramata Gandingan sa kanyang pamilya ay maitutulad na isang mamahaling ginto na iniingatan kaya naman ganun na lamang ang pag-alala ng kanyang pamilya nang siya ay dukutin ng *tonong*. Ang larawang ito ni Gandingan ay lumilikha ng imahe na ang babaeng Mëranaw ay may malaking puwang at espasyo sa kanyang pamilyang kinabibilangan.

Larawan din ng babaeng matalino si Paramata Gandingan. Isa sa kanyang katangian ang pagiging mahusay sa bawat desisyong gagawin. Hindi siya madaling maniwala at may pag-iingat sa lahat ng pagkakataon. Sa maraming beses niyang pakikipag-usap sa mga lalaking tauhan sa kanyang kwento ay laging hinahangaan ang kanyang pagiging matalino at magaling magpasya. Tunghayan ang siniping bahagi ng kanyang kwento kung saan isinasama siya ni Bantogan sa kanyang bahay sa Ilian a Bambaran.

Orihinal

*“dato akën a Bantogan na
makaonot ako kay pitaroo ka.
Na imbanay akën rëka a
makaonot ako sa Ilian a
Bambaram na bako niyo
sayanën ko piyanolis iyo a
mga sogosogoon niyo ka o
misayan ako ron na magëgët
ako ka tomo ongko so
kapatay a disa ba mapanotol
a giyaya e miyasowa akën*

Salin

“Mahal na pinunong Bantogan, sasama ako sa’yo subalit sa ilang kondisyon. Sa pagsama ko sa’yo sa Ilian a Bambaran sana’y hindi ako maitulad sa mga bihag ninyong ginawa ninyong utusan dahil kapag nagkaganoon ay nanaisin ko na lamang na mamatay kaysa mabalitaan nila ang aking sinapit.”

Ipinahihiwatig sa batay sa mga akto ni Paramata Gandingan ang kanyang pagiging marunong. Malinaw itong manipestasyon na ang babaeng Mëranaw ay maaaring magtaglay ng dangal dahil sa angkin nitong talino. Sa katauhan ni Paramata Gandingan, naipapakita ang

larawan ng babaeng Mëranaw na mayroong paninindigan sapagkat marunong siyang magpasya sa anumang pagkakataon. Higit sa lahat, tumatangi siya na magpaalipin sa isang lalaki – kay Bantogan. Larawan ito ng lipunang gumagalang sa naisin at pagpasya ng isang babae at ginagalang ng isang lider na si Bantogen.

Maliban sa pagiging matalino ay kilala rin sa Paramata Gandingan bilang isang babaeng hinahangaan dahil sa taglay niyang pambihirang kagandahan. Hindi simpleng paghanga ang inuukol kay Paramata Gandingan kundi nagpapahiwatig ito sa kung paano siya pinahahalagahan bilang babaeng Mëranaw. Tingnan ang paglalarawan ng pambihirang ganda ni *Paramata Gandingan*.

Orihinal

*Na dita matoder milang a
inirënding ko mataid a raga
ka piyakaplapilapis na
tiyagoan pën sa oborobor na
piyayongan niran sa pito
sangka a payong. Mapiya
iparas mëbarambarang a
kapëkilayaon miyapasad
paras so diran di paras. So
mambo so raga a mataid na
kiyaomanan so kataid iyan ka
kiyadaan sa salëg so alongan.
Kiyadaan sa rangka so
alongan ka aya somiyalëg a
kataid iyan lagid a ikapat
tatalin ko ayag.*

Salin

Siya ay binakuran ng ‘di mabilang na laksa ng mga palamuti. Ang pitong payong ang nagsilbi niyang bubong. Hindi alintana ng mga tao ang init ng araw sapagkat higit na nangingibabaw ang sinag ng angking kagandahan ni Paramata Gandingan; ang mga paa nitong kumikinang na parang buwan, ang mga kilay nitong tila ba sinadyang iginuhit at angkop na angkop sa maganda niyang mukha, at ang bawat galaw niyang walang kapintas-pintas na lalong nagpapatingkad sa kanyang kagandahan kaya naman lahat ng mga taong naroroon ay hindi mapigilang humanga sa kanya.

Ang larawan ni Gandingan bilang isang babaeng maganda at kahanga-hanga ay lumilikha ng imahe ng babaeng Mëranaw sa kung paano sila binibigyan ng pagkakataong alagaan ang sarili. Ang

pagkakaroon ng oras at panahon sa sarili ay isang manipestasyon na nabibigyan ng importansya ang tao na alagaan ang kanyang sarili.

Ang mga katangian, ang larawan ni Paramata Gandingan ay nagbibigay imahe sa katayuan ng babaeng Mëranaw sa kanyang lipunan. Malinaw na batay sa ilang paglalarawan kay Gandingan na ang babaeng Mëranaw ay itinatangi at may mataas na pagpapahalaga. Masasabi kung gayun na ang nosyon ng babaeng Mëranaw ay produkto ng panunuri sa konteksto ng nabuong salin at maging sa paraan ng pagkasalin.

Ang Distingksyon ng Babae at Lalaking Mëranaw: Konsiderasyon sa Pagsasalin ng Paramata Gandingan sa Wikang Filipino

Maaaring simulan sa pinakapangunahing espasyong ginagalawan at kinabibilangan ng kababaihan at ng kalalakihan ang pagdalumat sa kasarian ng kulturang Mëranaw. Binanggit ni Eviota (4) na ang gender ay isang konseptong tumutukoy sa kaibahan ng babae at ng lalaki sa pisikal at mental na aspekto. Sa pagpapalutang ng pisikal at mental na distingksyon, maaari itong mapalutang sa pagbibigay tuon sa paraan ng pakikitungo at paggalaw at sa kanilang papel sa pamilyang kinabibilangan. Pamilya ang natural na institusyong panlipunan kung saan mayroong mga batas at patakaran na dapat sundin ng bawat kasapi. Ito ang bumubuo ng populasyon sa bawat pamayanan. Mahalaga ang pagtukoy sa papel at tungkulin ng babae at lalaking Mëranaw sa loob ng kanyang pamamahay dahil bahagi ito sa pangunahing institusyon na makatutulong upang matukoy ang sinasabing distingksyon sa pagitan ng dalawa.

Naipakita ang distingksyon sa pagitan ng babae at lalaking Mëranaw sa maingat na pagsasalin at pagsusuri sa kwento ni *Paramata Gandingan* sa pamamagitan ng kung ano ang kanilang papel at tungkulin bilang isang kasapi ng lipunang Mëranaw. Unang distingksyon ay ang pagiging taong-bahay ng babaeng Mëranaw at pagiging mandirigma ng lalaking Mëranaw. Ikalawang distingksyon ay lalaki ang namumuno sa lipunan samantalang ang babae ang nagpapanatili sa kaayusan ng bahay at maging sa lipunan.

Ang babaeng Mëranaw ay tila isang mamahaling hiyas na iniingatan ng kanyang angkan (Mapandi w.p) sapagkat ang kahihyan nito ay kahihyan ng buong lahi: ang karangalan naman ay karangalan ng buong angkan. Ito ang dahilan kung bakit ang mga babaeng Mëranaw ay inilalagay sa isang *lamin*. Ang ganitong pagtatangi ay

bahagi ng *maratabat* ng bawat pamilyang Mëranaw. *Maratabat* ang pinagsama-samang reputasyon, dangal, kahihiyan, **pride**, paniniwalang moral, panlipunang kaugalian, mga pinagkasunduang batas, at paninidigan sa sarili. Isa itong alituntunin ng mga kilos kung paano dapat tratuhin ng isang indibidwal ang kanyang sarili, ang kanyang pamilya, at ang ibang tao (Sarip 20). Gayunpaman, batay sa paglalarawan kina Gandingan at Bantogan, masisipat din dito na ang *lamin* ay hindi lamang eksklusibo sa mga babaeng Mëranaw kundi maaari rin ito sa mga lalaki.

Batay sa kwento ni Paramata Gandingan, malaki ang tungkulin ng *lamin* sa buhay ng kababaihang Mëranaw kaya naman bahagi ito sa pinanatiling salita sapagkat nais ipahiwatig ng mananaliksik na bahagi ito ng kulturang Mëranaw kung saan nagpapakita ng papel at pagpapahalaga sa kababaihan. Si Gandingan ay ang dalagang nasa *lamin* ng Bongabong a Komara na kalauna'y naging kasamahan nina Arkat a Lawanën at Ikada sa *lamin* ng Ilian a Bambaran. Kung ikukumpara ang karapatan ng babae at lalaki sa pagkakaroon ng *lamin* ay higit itong panig sa kababaihan sapagkat bihira lamang ang lalaking nasa *lamin*, at ito ay sa kaso lamang ni Bantogan. Dahil dito, masasabing para sa babae ang *lamin* dahil sa pagpapahalaga sa kanila. Isinisimbolo ng *lamin*, bilang bahagi ng kultural na materyal ng mga Mëranaw ang pagkakaroon ng malaking tungkulin ng pamilyang Mëranaw sa kanilang kababaihan. Gayunpaman, sa pag-aaral ni Martir (163), bahagi sa kanyang natuklasan ang pagiging hindi ganap na patriarkal ang lipunan ng mga Mëranaw batay sa mga kwentong bayan na kanyang sinuri. Ang ganitong ideya ay masasabing lehitimo sapagkat ito ang inilalarawan ng salaysay ng mga kwentong bayan ng mga Mëranaw. Ang pagkakaroon ng hindi ganap na patriarkal ay maaaring manipestasyon kung papaano nila binibigyang puwang ang papel ng kanilang kababaihan. Ibig sabihin, bagaman, hindi nabibigyan ng pagkakataon na maging pinuno ng lipunang Mëranaw ang isang babaeng Mëranaw, ay maaari naman siyang masunod sa loob ng tahanan. Ibig sabihin, sa loob ng tahanan ay maaari siyang magpasya. Kinikilala ang tahanan ng pamilyang Mëranaw bilang pangunahing espasyo kung saan naipapakita ang pagpapahalaga sa bawat miyembro ng pamilya. Naipakita ito sa kwento ni Paramata Gandingan sa mga pagkakataong ang babaeng Mëranaw ang nagpapasya at nagbibigay mando. Tunghayan ang siniping bahagi ng naratibo ng kwento ni Paramata Gandingan hinggil sa nailahad na ideya.

Orihinal

Na aya dën inisambi a di mamangae sa taw so Bae a labi sa Sëlëgën a Bolëntay Mangoranda i aya pitaro iyan “na mga sogosogon ago si Sarandang na song kano roo na go niyo awidi so lotoan ka baniyoto da manëg a song tano ko kalalamaan ka miyaporo a alongan ka pëngalian akën ka amay ka kowan na moran na bakano sandagi o mga tonong.”

Salin

Nang matapos bihisan ang *paramata* ay nagsalita ang **Bae a labi** ng Sëlëgën (asawa ng Ayonan) na si Bolëntay Mangoranda. “Mga kasambahay at ikaw Sarandang, humayo na kayo at pumunta na roon sa ating pupuntahan at inyong dalhin ang mga handa natin. Hindi ninyo ba narinig na tayo ay pupunta roon sa bakuran na pagdadausan ng kasal? Katirikan na ng araw at isa pa, ayokong abutin tayo ng ulan at baka biruin tayo ng mga *tonong*.”

Si Bolëntay Mangoranda ang asawa ng *Ayonan* ng Sëlëgën, isang malaking angkan na pinagmula ng mag-aasawa sana kay Paramata Gandingan. Makikita sa itaas ang kapangyarihang taglay ng isang babae na magpapatunay na ang babaeng Mëranaw ay binibigyan ng kapangyarihan sa kanyang tahanan. Ito ay maaaring pagpapahiwatig rin na sa pamumuno ng isang lalaking, katuwang sa pagkakaroon ng kaayusan ang babae.

Orihinal

*Na miyapanotol sa **torogan** a mataan aya bae a mataid a raga a daa daway niyan a miyada ko ingëd iyan a piyanganroma e Bantogan. Na kay manëg o ayonan sa Bambaran na piyangae niya si Mabonaya Kaladan. Na aya pitaro iya “na song ka sa lamin na gongka taro-a ki*

Salin

Samantala, kumalat na sa **torogan** ang balita tungkol sa isang nawawalang napakagandang dilag na inasawa ni Paramata Bantogan. At ito ay nakarating sa kaalaman ng **Ayonan** ng Bambaran. Dahil dito ay agad niyan ipinatawag si Mabonaya Kaladan. “Pumunta ka ng *lamin* at

*Saloloy Pëndidawn na song
saya pasin sa torogan.”*

sabihin kay *Saloloy
Pëndidawn* na siya’y pumarito
muna sa *torogan.”*

Ipinapahiwatig ng nasa itaas na bahagi ang parehong pagkakaroon ng karapatan ang *ayonan* at ang *bae a labi*. Parehong sinusunod ang kanilang utos. Bagaman hindi maaaring pamunuan ng babaeng Mëranaw ang lipunang kinabibilanangan ay hindi nangangahulugang wala na silang karapatan pagdating sa pagpapasunod ng mga tauhan. May pagkakataon pa rin na ang babaeng Mëranaw, tulad ng *bae a labi* ang siyang nagbibigay utos sa mga kinasasakupan.

Sa usapin ng pagpapasya, naipapakita rin ang papel ng babaeng Mëranaw kahit na hindi siya ang pinakapinuno ng lipunang Mëranaw. Batay sa naratibo ni Gandingan, makailang beses na itong naipakita ng ilang tauhan ng kwento ni Paramata Gandingan. May magkakataon na ang kapatid ni Bantogan na si Lawanën at ang pinsan nitong babae na si Ikada ang nagdedesisyon sa buhay ni Bantogan at nirespeto ito ng *ayonan* at ng ilang *datu*. Ito marahil ang sinasabing hindi ganap na patriarkal ang lipunang Mëranaw sapagkat may karapatan pa rin ang kababaihan sa pagpapasya subalit hindi upang pamunuan ang isang angkan.

Hindi usapin ang kalamangan sapagkat ipinapakita ng ilang sirkumstansya ang halos parehong papel at halaga ng babae at lalaki. Gayunpaman, kung titingnan nang mabuti, mapapansin ang pagiging dominante ng lalaking Mëranaw pagdating sa pagpapasya. Bagaman, parehong may kakayahan at kapangyarihan ay hindi maikakailang hindi ito nangyayari sa lahat ng pagkakataon. Batay sa kwento ni Paramata Gandingan, makailang beses siyang naging dominante sa pagpapasya. Ipinapakita ito sa naratibo nang magpasyang asawahin sina Paramata Gandingan at si Sarawran Sirig. Tunghayan sa siping nasa ibaba ang usapan ni Bantogan at ni Sarawrawan Sirig na nagpapakita ng pagiging dominante sa pagpapasya ni Bantogan.

Orihinal

*“Na mataid a Sarandang na di
ka di pliliwanag ka apya ka di
pagiyog na aya lalag akënon
na pangaromaan ko sëka
dën.”*

Salin

“Magandang Sarandang,
ipangatag mo ang iyong
kalooban. Ang nais ko ang
siyang masusunod.
Aasawahin kita at ‘yan ang

aking nais sa mga panahong ito.”

Ang pagiging dominante ni Paramata Bantogan ay manipestasyon ng pagiging dominante ng mga lalaking Mëranaw. Hindi lamang nagkataon ang pagpapakita ng pagiging dominante ni Bantogan batay sa naratibo ni Paramata Gandingan kundi sa ilang pagkakataon sa kabuuan ng kwento mismo. Ito ay malinaw na pagpapahiwatig na sa lipunang Mëranaw, likas na sa mga lalaki ang pagiging angat nito sa mga babae. Gayunpaman, sa nabuong naratibo sa buhay nina Gandingan at Bantogan, makikita pa rin na bagaman, may panggigiit ang lalaking Mëranaw sa kagustuhang pag-aasawa sa babaeng Mëranaw ay dumadaan pa rin ito sa tamang proseso na kapag hindi nasunod ay maaaring hindi maisakatuparan ang nais o kagustuhan ng lalaki. Sa usapin ng pag-aasawa, halimbawa, bagaman ang lalaki ang namimili ng kanyang aasawahin ay karapatan naman ng babae ang mabigyan o tumanggap ng *bëtang* o ang kayamanang iniaalay sa kanya sa araw ng kanyang kasal. Sa proseso ng pagsasalin, pinanatili ang salitang *bëtang* upang maipakita ang karapatan ng babaeng Mëranaw na hindi kailanman nababalewala kahit pa dominate ang lalaking Mëranaw. Tunghayan ang siniping bahagi ng kwento ni Paramata Gandingan:

Orihinal

Na aya kiyatimoan sa lalagiran na kawingen si Sandiyarendaw Pandi ka miyangraw sa bëtang.

Salin

Sa pagtitipong ito naganap ang kasunduang pagkakasal kina Sandiyarendaw Pandi at Paramata Gandingan *sapagkat pinahalagan ng binata ang kanyang bëtang.*

Gumawa ng pagdaragdag ng pahayag sa saling ginawa gaya ng *sapagkat pinahalagan ng binata ang kanyang* upang mabigyan nang diin na may iginiit ang babae (si Gandingan) sa kanyang mapapangasawa. Sa pahayag na ito, nagsisilbing hamon ito sa lalaki sa halaga ng babaeng kanyang maaasawa.

Sa kabuuang pagpapasya at pagpapatupad ng patakaran at batas ay laging tungkulin ng kalalakihan. Ang papel ng lalaking Mëranaw ay upang pamunuan ang malaking lipunang ng kinabibilangan sa tulung ng mga babaeng Mëranaw. Gayunpaman,

hindi nililimitahan ang tungkulin ng babaeng Mëranaw bilang taong-bahay kundi kasama rin sila sa pagpapasya upang maging maayos at matiwasay ang kanilang pamilya at higit sa lahat ng kanilang lipunan. Batay sa kabuuan kwento o naratibo ng Paramata Gandingan, ipinapakita nito ang tungkuling ng kalalakihan na pangalagaan ang kanilang lipunan sa pamamagitan ng pagpapanatili ng kaayusan nito, papapalawak nito na natatamo sa pakikipagdigma sa ibang panig. Naipakita ito sa katauhan ni Bantogan nang sumalakay siya sa ibat'ibang panig ng karagatan upang sakupin ang teritoryo nila.

Orihinal

Kagiya makaoma si Bantogan a magiektyar siran na ba miyathay na piyamoto iyan so mga Kristian a miyadakdakël a taw. Na piyamoto iyan siran dën. Na da mathay na miyada so lalis ka miyaka topa sira ka apay so da matay na somiyangkop ka inibgay iranon a ginaway iran ago so mga tamok na piyalad iran langon ki Bantogan a Batara.

Salin

Dahil sa kahandaan ng hukbo ni Paramata Bantogan ay madali nilang nagapi ang lugar na sinalakay. Napaslang nila ang halos lahat ng mga naroon sa lugar na iyon. Ang ilang hindi napaslang ay kusang sumuko at naging bihag ni Paramata Bantogan. Maging ang mga ari-arian ng mga taong sumuko ay inialay nila kay Paramata Bantogan.

Tungkulin ng lalaking Mëranaw ang makipagdigma upang higit pang palawakin at palakasin ang sinasakupan ng bawat angkan. Makikita sa itaas ang bahagi kung saan nabihag ni Bantogan ang isang bayan ng Dalëndëgan Lëna. Nagpapakita ito ng lipunang Mëranaw, kalalakihan ang sumasabak sa pakikipagdigmaan at ang mga babae ay nasa bahay lamang. Sa kabuuan, ang kwento ni *Paramata Gandingan* bilang isang lehitimong kwentong buhay ng sinaunang mga Mëranaw ay isang patunay na ang babae at lalaking Mëranaw ay may kanya-kanyang tungkulin at karapatan. Sa usapin ng karapatan, parehong kinikilala ang kanilang pagiging bahagi ng pamilya at pagiging kasapi sa lipunan. Sa usapin naman ng tungkulin, ang mga kalalakihan ang nangunguna sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang lipunan. Tungkulin nilang pangalagaan ang kanilang angkan.

Kongklusyon

Maituturing na ang pagsasaling kultural ay kasingbigat at kasingkahulugan ng teknikal na pagsasalin. Ang koda ng wika na nagtataglay ng esenysang kultural ay naghahatid sa isang prosesong tekstwal at kontekstwal. Ibig sabihin, kailangan na sinupin mula sa teksto ang mga naratibo at bibigyan nang diin sa pagsasalin ang konteksto ng mga ito. Sakaling makaligtaan ito ng tagasalin, gaya sa teknikal na pagsasalin, magkakaroon ng panibagong kahulugan at mawawala ang halaga nito sa pinagmulang wika. Nakita ito sa kung papaano binigyang linaw ang distingksyon ng babae at lalaki sa ginawang pagsasalin ng kuwento ni Paramata Gandingan. Kinakailangan magsagawa ng pagdaragdag ng salita nang isinalin sa wikang Filipino upang mabigyan ng tuon ang estado, posisyon, tungkulin ng babae at lalaki. Higit sa lahat, ang pagsasalin ng oral na panitikan mula sa pinagmulang wika at target na wika ay nangangailangan ng panahon sa pag-imbetiga sa lipunan ng nagmamay-ari. Sa ganang pagsasalin na ginawa, ang emikong pananaw ko ay nakatutulong upang mailapat ang konteksto ng kuwento nang ito ay isinalin sa wikang Filipino.

Hindi lamang paglilipat ng mga salita at kahulugan ang gawaing pagsasalin. Pinatunayan sa ginawang pagsasalin na ang konteksto sa orihinal na wika ay kailangang aralin din dahil ito ang pinagmulan ng pagiging “kultural na teksto” ng isinaling akda. Sa kabilang banda naman, ang gawaing pagsasalin sa tradisyong oral ng isang pangkat etniko ay magiging makabuluhan din kapag ito ay nilalakipan ng lapit panunuring pampanitikan at araling kultural. Napatunayan sa pagsasalin na ginawa na naipakilala sa wikang Filipino hindi lamang ang kuwento ni Paramata Gandingan bagkus maging ang diskurso rin tungkol sa kasarian ng lipunang Meranaw. Kaya sa proseso ng pagsasalin ng mga kultural na materyal, ang pagpapakilala ng etnikong pangkat sa pagsasalin at pagbasa rin ng materyal gamit ang panunuring pampanitikan na lapit.

Mga Reperensya

Blackstone, Amy M. “Gender roles and society.” *human ecology: an encyclopedia of children, families, communities, and*

Environment, edited by Julia R. Miller, et al, CA: ABC-CLIO. ISBN I-57607-852-3, 2003.

Butler, Judith P. *Gender trouble: feminism and subversion of identity*. London: Routledge, Chapman & Hall, Inc, 1990.

Eviota, Elizabeth. U. *Sex and gender in the Philippine society: a discussion of issues on the relations between women and men*. Manila: National Commission, 1994.

Flotow, Luis von. *Translation and gender: translating in the era of feminism*. Manchester & Ottawa: St. Jerome Publishing & University of Ottawa Press. 1997.

Hohendorf, Martin at Alessandra Pucci Daniele M. *discourse of gender: how language creates reality* (Nakalimbag na Masteral na Tesis). 2014.

Larson, Mildred L. *Meaning-based translation: a guide to cross-language equivalence*. New York: University Press of the America. 1984.

Martir, Dina. C. *Imahen ng kababaihang Maranao, Maguindanao, at Tausug sa ilang piling kwentong bayan* (Di-limbag na masteral tesis). MSU-Iligan Institute of Technology, Iligan City, 2011.

Mayoral, Roberto, Dorothy Kelly & Natividad Gallardo. Concept of constrained translation. non-linguistic perspectives of translation. *Meta journal*, 33(3): p. 356-367, 1988.

Moghaddas, Bahram. *The effect of gender in translation accuracy of iranian-english translators* (Isang nalathalang Disertasyon). India: Osmania University, 2013.

Reeves, Hazel at Sally Baden. *Gender and development: concepts and definitions*. Bridge: Brington, UK, 2000.

Saber, Mamitua. "Introduction: The Maranao women." *mindanao art & culture*. Marawi City: University Research Center, MSU-Marawi City, 1979.